**Oktubre 1**

Ako'y mag-iingat sa aking mga lakad, upang huwag akong magkasala ng aking dila: aking iingatan ang aking dila ng paningkaw, samantalang ang masama ay nasa harap ko. Awit 39:1.

MARAHIL ang bawat taong may malawak na karanasan ay sumasang-ayon nang buo sa kasabihang ang dila ay mabisa sa impluwensiya nito nang higit pa kay sa alinmang sangkap ng katawan , ito man ay sa mabuti o sa masama. Ang karanasan ay nagtuturo din na karaniwan nang mas madaling kontrolin ang anumang sangkap kay sa dila. Ang aliping ito (dila) ay napakadalubhasa kung kaya't ang bawat ambisyon at hilig at pagkiling ng makasalanang uri (tao) ay ginagamit ito bilang alipin o daluyan ng masama. Sa parte ng Cristiano, nangangailangan siya ng maingat na pagbabantay, karunungan at pag-iingat upang pamahalaan ang sangkap na ito ng kaniyang katawan at ipailalim ito sa bagong kaisipan ni Cristo, upang ito ay hindi maging hadlang sa kaniya o sa iba, kundi sa kabaligtaran, isang tulong sa makipot na daan. Z. '97-156

**Oktubre 2**

Nililimot ang mga bagay na nasa likuran. Filipos 3:13.

KINAKALIMUTAN natin ang mga bagay na nakalipas na, sapagkat ito ang tama na dapat nating gawin. Sapagkat kinakalimutan ang mga ito ng Dios, at nagpapahayag na itinapon na niya sa likuran niya ang mga hindi natin kasakdalan; na ang ating mga hindi kasakdalan ay natakpan na lahat sa kaniyang paningin, sa bisa niya na umibig sa atin at namatay para sa atin at siyang inibig natin, at ating pinagkakatiwalaan, at pinagsisikapan nating lakaran ang kaniyang mga yapak kasama na mahigit kumulang ang ating hindi-kasakdalan ayon sa mga depekto na namana natin sa laman. Hindi natin ibig imungkahi na ang maliit na pagkakamali o pagkabigo ay pagaanin lamang o kalimutan na lamang kaagad; dapat ayusin ang mga ito sa abot ng ating makakaya, at hingin ang banal na kapatawaran para sa mga depektong ito arw-araw. Z. '04-23

**Oktubre 3**

Dakilang kapayapaan ang tinatamo nila na nagsisiibig ng iyong kautusan. At sila'y walang kadahilanang ikatitisod. Awit 119:165.

ANG ating mga kahilingan ay kailangang patindi nang patindi para sa biyaya ng kapayapaan at karunungan at ang mga bunga ng espiritu at mga pagkakataon sa paglilingkod sa Panginoon at sa mga kapatiran, para sa paglago ng higit at higit pa sa pagiging tulad ng mahal na anak ng Dios. Sa ilalim ng mga kalagayang ito, sino ang magdududa na ang ipinangakong "kapayapaan ng Dios na "di masayod ng lahat ng pang-unawa" ay "ingatan" ang ganuong "mga puso" at mga "pag-iisip? Ang kapayapaang ito sa kaniyang  sarili ay magtataboy sa isa sa mga dakilang kasamaan na sumusugat sa puso ng marami. Ang pagiging makasarili at ambisyon ay hindi makahahanap ng puwang sa pusong puno ng kapayapaan. Ang banal na kapayapaan ay makakapanirahan sa ating mga puso, at magmamando sa kanila, kung kaya't mapapalaya nito ang kabalisahan at kaguluhan ng mundo, kahit na tayo ay napapaligiran nitong di kaaya-ayang mga kalagayan - bagama't sa panahong ang kaaway ay umaatake sa atin sa pamamagitan ng nalinlang na mga kinakasangpang tao. Z. '04-24

**Oktubre 4**

At sinabi ni Jesus sa kanila, magsisunod kayo sa akin, at gagawin ko kayong mga mangingisda ng mga tao. Mateo 4:19.

ANG lahat ng mga gawain sa buhay ay nagtuturo sa atin ng aral na mapapakinabangan sa darating na panahon, kung tatanggapin natin sila. Marahil may bagay na praktikal na nakakatulong o natutunan nila sa hanap-buhay ng pangingisda - isang bagay na kakaiba gaya ng dakilang gawain na isasagawa hanggang sa natitirang oras ng kanilang mga buhay. Ipinahihiwatig ito ng Panginoon sa kaniyang pagtatawag. Ang pangingisda ay nangangailangan ng lakas, taktika, tamang pain at ang nangingisda ay hindi nagpapakita sa mga isda, at ang apat na bagay na ito ay kailangan sa espirituwal na pangingisda kung saan binibigyan tayo ng Panginoon ng pagkakataon upang sumali. Tandaan natin na kung ang isda ay madaling magulat kapag nalaman nila na may nais  humuli sa kanila, ang sangkatauhan din ay natatakot din na mahuli ng kahit ano - lalo na kung sila ay may kaunting hinala na baka mawalan sila ng kalayaan: ganito rin ang iniisip ng mundo sa pag-alalay ng iyong sarili sa Panginoon. Z. '04- 26,27

**Oktubre 5**

Isipin ninyo yaong nagtiis ng gayong pagsalansang ng mga makasalanan laban sa kaniyang sarili, upang kayo'y huwag magsihina, na manglupaypay sa inyong mga kaluluwa. Hebreo 12:13.

SA ABA!, marami ang mga tunay na anak ng Dios ang napapagod na at nanghihina sa kanilang mga isip, at nanganganib na mawalan ng pinaka mataas na gantimpala sapagkat nabigo silang pag-isipan, pag-aralan, intindihin, at isaalang-alang ang Panginoon at kung ano ang matapat niyang tiniis na pagsalangsang. Kapag isasaalang-alang nila ang kaniyang pagiging sakdal at kung paano, gaya ng nakikita natin sa kaniya, na ang liwanag ay sumisikat sa dilim at hindi pahahalagahan ng mga tao, kung gayon, aasahan din nila ang ang liwanag na sumisikat mula sa kanila ay hindi rin pahahalagahan ng mga tao. Kapag isasaalang-alang nila kung paano ang Panginoon ay naghirap sa bawat situwasyon na hindi makatarungan at alang-alang sa katuwiran, at ihalintulad ito sa sarili nilang pag-uugali, bagama't mabuti ang hangarin, subalit hindi pa rin perpekto, ito ay magpapatibay sa kanila na tiisin ang kahirapan bilang mabuting mga sundalo, at hindi dapat manghimagod sa paggawa ng mabuti, at hindi manghihina sa kabila ng mga pagsubok. Z. '04-38

**Oktubre 6**

Hindi ninyo alam kung anong uri ng espiritu ang nasa inyo. Ang anak ng tao ay pumarito hindi upang lipulin ang buhay ng mga tao, kundi iligtas sila. Lucas 9:55, 56.

GANUN din ang mga disipulo ng Panginoon: ang patuluyan nilang pag-aaral ay upang iwasan yaong mapagpaimbabaw na ugali na manghusga at mangwasak ng ibang mga tao habang nais naman nila ang awa para sa kanilang mga sarili. Ang patakaran na inilunsad ng ating Panginoon ay ito, makakaasa lamang tayo ng awa sa kaniya bilang katumbas kung isinasagawa rin natin ang biyayang ito sa iba. Ang ugaling mapaghanap ng kamalian na handang magparatang at magkondena sa bawat isa, ay nagpapakita ng maling kondisyon ng puso - isang kondisyon na dapat bantayan ng lahat ng mga alagad ng Panginoon. Ang awa, kabutihan, pag-ibig, ay mga elemento ng katangian na nais niyang makita sa espirituwal na mga Israelita, at kung wala ang mga ito sa atin hindi tayo makakapagpatuloy nang matagal bilang kaniyang mga anak. Z. '04-43

**Oktobre 7**

Ang bawat dumirinig ng aking mga salitang ito at hindi ginaganap, ay matutulad sa isang taong mangmang, na itinayo ang kaniyang bahay sa buhanginan. Mateo 7:26.

ANG mga pag-asa na itinayo sa mga pangako ng Panginoon at hindi sinasabayan ng mga gawa ay mga pag-asang itinayo sa buhanginan. Panahon lamang ang hinihintay hanggang dumating ang dakilang panahon ng pagsubok at ang mga pag-asang iyon ay malalantad bilang masahol pa kaysa walang silbi. Maipapakita ng mga ito na ang nagmamay-ari sa kanila, yaong may pananampalataya ngunit hindi sinabayan ng gawa ay nalinlang, na iniisip ang kaniyang sarili na sigurado na sa kaniyang katiyakan ng isang bahagi sa kaharian. Sa kabaligtaran, yaong mga nagtayo na sinasabayan ng pagkamasunurin na ang mga puso at dila ay nagpapatotoo at nagpupuri sa Panginoon at ang kanilang mga gawa ay umaakma sa kanilang pananampalataya, at ang kanilang bunga ay nagtataglay ng patotoo ng kanilang importanteng kaugnayan sa Panginoon - ang mga ito ay siguradong makakaalpas sa lahat ng bagyo ng buhay at hindi matitinag, hindi mauuga, sapagkat sila ay nasa ibabaw ng matibay na pusdasyon. Z. '04-46

**Oktubre 8**

Huwag kayong padaya, ang naghahasik ng sa kaniyang sariling laman ay sa laman mag-aani ng kasiraan; datapuwat ang naghahasik ng sa Espiritu ay sa Espiritu mag-aani ng buhay na walang hanggan. Galacia 6:7, 8.

NAGHAHASIK tayo sa laman sa bawat panahon na hinahayaan natin na ang maka-laman, pagka-makasarili, kawalang-katarungan, at hindi mabuting hangarin ng laman ay maghahari sa ating mga puso at buhay, at ang bawat pagahahasik ay tumutulong na maging madali ang susunod na paghahasik at sinisiguro nito ang wakas ng landas - walang iba kundi ang kamatayan - ikalawang kamatayan. Sa kabaligtaran, ang bawat paghahasik sa Espiritu, ang bawat pagtanggi sa mga nasa ng laman tungo sa pagka-makasarili at iba pa, at bawat pagsasagawa ng bagong isip, ng bagong kalooban sa esprituwal na mga direksiyon sa mga bagay na dalisay, mga bagay na marangal, mga bagay na mabuti, mga bagay na totoo, ay paghahasik sa Espiritu na nagdadala ng karagdagang mga bunga ng Espiritu, at ang mga ito kung patuloy na gagawin, ay magdadala sa atin sa katapus-

tapusan, sa mga pangako ng Panginoon at kaayusan - buhay na walng hanggan at ang kaharian. Z. '04-57

**Oktubre 9**

At sinabi niya sa kanila, bakit kayo'y nangatatakot, oh, kayong kakaunti ang pananampalataya? Mateo 8:26.

ANG bawat karanasan ay dapat makakatulong sa atin. Kung sa umpisa tayo ay natatakot at umiiyak nang malakas, at unti-unting natanggap natin ang tulong, na marahil ay may kasamang pangangaral, "O ikaw na maliit ang pananamplataya", subalit habang sunod-sunod ang mga aral na dumating sa atin, aasahan ng ating maestro at aasahan rin natin sa ating mga sarili na magkakaroon tayo ng mas malaking pananampalataya, mas malaking tiwala, mas malaking kapayapaan, mas malaking kagalakan sa Panginoon, mas malaking kumpiyansa sa kaniyang presensiya na kasama natin at sa kaniyang pagkalinga sa atin, at sa kaniyang kapangyarihan na magpapalaya sa atin mula sa kaaway at mula sa bawat masamang bagay, at sa paghahatid sa atin sa wakas sa pagiging ligtas tungo sa daungan na ating hinahanap - ang kaharian ng langit. Z. '04-60

**Oktubre 10**

Hinubad na ninyo ang lumang pagkatao pati ng kaniyang mga gawa, at kayo'y nangagbihis ng bagong pagkatao, na nagbabago sa kaalaman ayon sa larawan niyaong lumalang sa kaniya. Colosas 3:9, 10.

NASA mga isip lamang natin at sa ating mga kalooban na ang lumang mga bagay ay lumipas na at ang lahat ng mga bagay ay naging bago. Sa katunayan, ang pagbabagong ito ay mararating lamang kapag itong katawang may kamatayan ay mabibihisan ng katawang hindi mamamatay, - sa panahong iyon, ang katawang nabubulok ay ibabangon na sa pagka-di nabubulok, -ibabangon sa kaluwalhatian, sa kapangyarihan, bilang mga espiritung persona. Subalit, sa ngayon, habang wala pa, upang mapabilang na karapat-dapat na makabahagi sa unang pagka-buhay muli, hinihiling sa atin na tayo ay kailangang magpakita ng ating kagustuhan sa isip, ng marubdob nating pagnanasa na maging kung ano ang lahat na gusto ng Panginoon na gawin natin, o kung ano ang

mgiging pagkatao natin; at wala ng iba pang paraan na mas maipapakita natin ito sa Panginoon o sa ating mga sarili, mas makatutulong , kaysa panatilihin ang mahigpit na pagmamanman ng ating mga puso at ng ating mga pag-iisip. Z. '04-25

**Oktubre 11**

Kayo'y mangagpakalinis, kayong nangagdadala ng mga sisidlan ng Panginoon. Isaias 52:11.

ANG banal na pamamaraaan marahil ay ang pag gawa ng malinaw na pagbubukod ng mga lingkod ng Dios mula sa mga lingkod ng kasamaan. Ang pribelehiyo ng pagpapatotoo para sa Dios o bilang kinatawan para sa katotohanan ay isang pabor na inihandda para sa mga tao ng Dios. Hindi niya hinahanap ang isang masama ni ang mga nahulog na demonyo ni ang mga balakyot na lalaki o babae para maging mga taga dala ng mabuting balita. Dapat isipin ito nang maingat ng mga tao ng Panginoon, at ikayamot ang mga paglilingkod ng sinoman na hindi nagpapakita ng ebidensiya ng puso na ka-isa sa Panginoon. "Ngunit sa masama ay sinabi ng Dios, anong karapatan mo upang ipahayag ang aking mga tuntunin o ilagay ang aking tipan sa iyong bibig? Sapagkat ang disiplina ay kinapopootan mo at iyong iwinawaksi ang aking mga salita sa likuran mo." Awit 50:16, 17. Z. '04-28

**Oktubre 12**

Wariin ninyo ang mga lirio sa parang, kung paano sila nagsisilaki. Mateo 6:28.

PINUPUKAW ng Dios ang ating kamalayan kung paano pag-aralan at pag-isipan ang mga simpleng bagay ng kalikasan. Ang mga aral na pag-aaralan may kaugnayan sa lahat ng gawain sa buhay ay makakatulong sa mga iyon na nagsasagawa ng pag-aaral sa tamang pananaw, sa pananampalataya sa manlilikha, at ang pagkamulat na siya mismo ang kabuuan at kinatawan ng pinaka mataas at pinaka marangal na mga katangian na maarok ng isip ng tao- na siya ay sakdal sa katarungan, sakdal sa karungungan, sakdal sa kapangyarihan, sakdal sa pag-ibig...ang puso na nagbibigay pansin sa mga maliliit na mga bagay ay sumusulong, umuunlad sa biyaya sa kaalaman at sa pag-ibig. Ang puso na hindi nagbibigay pansin sa maliliit na mga bagay ang nabibigong magpahalaga sa mga malalaking bagay, at sa ganuon ay nahahadlangan sa tamang pagbibigay

pansin sa Dios at sa tamang pagpapahalaga sa kaniyang plano at sa tamang pagpapahalaga sa kaniyang katangian. Z. '04-37,38

**Oktubre 13**

Sa pamamagitan ng aking mga gawa ay ipakita ko sa iyo ang aking pananampalataya. Santiago 2:18.

BAGAMA'T ang mga tao sa Panginoon nitong kasalukuyang panahon ay hindi dapat hatulan batay sa kanilang mga gawa, kundi sa pananampalataya, gayunpaman, ang mga gawa ay hihilingin. Sa pamamagitan ng ating mga gawa ipinakikita natin ang ating pananampalataya, at salamat sa Dios, ang kaniyang hindi sakdal na mga gawa ay makakapagpakita sa kaniya sa katapatan ng ating mga intensiyon, ating mga kalooban...kung ang ating mga gawa ay nagpapahayag sa Panginoon ng pagiging tunay ng ating pananampalataya, ang pananampalatayang iyon ay magiging katanggap-tanggap sa kaniya - hindi lamang sa salita kundi pati na sa gawa - para sa mga taong nagsisikap sa pamamagitan ng mga gawa ng buhay para ipakita, para ilarawan anag kanilang pag-ibig. Z. '04-45

**Oktubre 14**

Ang pagggawa ng katuwiran at katarungan, ay higit na kalugudlugod sa Panginoon kaysa pag-aalay. Kawikaan 21:3.

KAILANGAN nating lumago sa pag-ibig, at ang pag-ibig ang pinakamahalaga sa lahat; subalit bago natin magawa ang bagay na ito sa pagpapatingkad ng pag-ibig, kailangang matuto muna tayo na maging mabuti, maging tama, maging matuwid...akma ang pagsasalaysay sa bagay na ito sa aklat ng Kawikaan, na kailangan munang maging mabuti ang isang tao bago siya maging mapagparaya at mapagbigay. Tama lamang na ang mga tao ng Dios, ang bagong nilalang na pag-aralan nila nang palagian ang paksang ito ng pagiging matuwid at ikapit sa kanilang mga buhay ang mga aral na nakasulat sa banal na salita (Biblia)...dapat nating makuha ang pundasyon na ito ng tamang asal bago natin simulan ang pagsasagawa ng pag-ibig, at sa ganitong paraan tayo ay lalago nang wasto. Ang lahat ng pag-ibig na nakabatay sa pagiging hindi makatarungan o maling pag-iisip tungkol sa katuwiran ay parang nananaginip lamang, at hindi ito ang pag-ibig na hinihiling ng Panginoon sa atin bilang pagsubok sa ating pagka-disipulo. Z. '05-56

**Oktubre 15**

Magkaroon kayo ng pananampalataya sa Dios. Marcos 11:22.

ANG ating araw-araw na mga karanasan mula nung tayo ay naging mga tagasunod ng Panginoon ay pinapatnubayan at binabantayan ng hindi nakikitang kapangyarihan sa layuning bilang mga tinuruan sa paaralan ni Cristo, tayo ay matuturuan niya ng lubos at makagagawa ng higit at higit pang biyaya ng Espiritu, at higit pang pananampalataya. Kung gaano man kahalaga ang uri na ito ng pananampalataya ay hindi marahil natin mapapahalagahan sa ngayon ito. Marahil ang isang bagay na espesyal na hinahanap ng Panginoon sa mga tinawag ngayon na mga tagasunod...kaya ayon sa ating pananamapalataya magagawa nating magalak kahit na sa mga kapighatian. Hindi natin ikagagalak ang mga pagdurusa mismo; ang ikagagalak natin ay ang kaisipan kung saan ang pananampalataya ay nauugnay sa pagdurusa, at ang mga ito ay mga maliliit na pasakit na gumagawa para sa atin ng mas higit at walang katapusang bigat ng kaluwalhatiaan. Z. '04-59

**Oktubre 16**

Kaniyang pinatatahimik ang bagyo. Awit 107:29.

TAYO sa ngayon ay kumakatawan sa gawain ng Panginoon sa gitna ng rumaragasang mga elemento ng mga hilig ng tao, pananalansang at iba pa...at ang ating mga puso sa ilang mga pagkakataon ay nanlulumo maliban kung nakikita ng ating pananampalataya ang Panginoon na kasama natin sa barko, at mauunawaan natin ang kaniyang malakas na kapangyarihan sa kaniyang sarling panahon at paraan na magsasalita ng kapayapaan sa mundo...hindi ito nakabibigla sa atin, kung ganuon, kung ang madilim na panahon ay nasa harap natin - kung darating ang panahon na ang hangin ng bagyo ay napaka-bagsik na marami ang iiyak dahil sa takot at panginginig. Matuto tayong maigi sa mga mahahalagang karanasan sa kasalukuyang panahon, upang sa panahong darating hindi tayo bibiguin ng ating pananampalataya - upang sa pinaka madilim na panahon tayo ay makaka-awit at magagalak sa kaniya na umibig sa atin at bumili sa atin ng kaiyang sariling mahal na dugo, at maka-awit ng awit ni Moises at ng Kordero. Z. '04-60

**Oktubre 17**

Kaniyang tatakpan ka ng kaniyang mga bagwis, at sa ilalaim ng kaniyang mga pakpak ay manganganlong ka: ang kaniyang katotohanan ay kalasag at baluti. Awit 91:4.

NAPAKALAPIT sa puso na inipon ni Jehova ang kaniyang tapat at masunuring mga anak kung kaya't nadarama nila ang init ng kaniyang pag-ibig, at ang sagot na lenguahe ng kanilang mga puso ay, "nananahan ako sa iyong tabernakulo" - sa ilalaim ng iyong pagkalinga - "magpakailanman". "Ako'y nanganganlong sa ilalim ng iyong mga pakpak; sapagkat ikaw ay naging aking kanlungan, matibay na moog sa kaaway; sapagkat dininig mo ang aking mga panata" - ang aking mga pag-aalay - "sapagkat ibinigay mo sa akin ang mamanahin ng mga nangatatakot sa iyong pangalan." Awit 61:4,3,5. Z. '04-75

"aking aawitin ang iyong kalakasan; Oo, aking aawiting malakas ang iyong kagandahang-loob sa kinaumagahan; sapagkat ikaw ang naging aking matayog na moog, at kanlungan sa kaarawan ng aking kabagabagan" Awit 59:16

**Oktubre 18**

Ang taong batugan ay kapatid ng taong maaksaya. Kawikaan 18:9.

HINDI natin nakikita ang pag-aaksaya sa sinoman sa mga nag-alay ng kanilang sarili sa Panginoon Kung hindi natin mararamdaman na gaano man kalawak ang pag-unlad ng kanilang nagawa sa pagka-unawa sa isip ng Panginoon sa ilang bahagi, sila pa rin ay kulang sa bagay na ito. Ang pagpapahalaga sa regalo at ang pagrespeto sa nagbigay ay nagpapahiwatig ng pagiging maingat at ng pagiging katiwala may kinalaman sa lahat na dumating sa atin mula sa ating makalangit na Ama - mga bagay sa lupa at mga bagay na espirituwal. Ayon sa mga talinghaga ng ating Panginoon siya ay sumusukat sa ating pag-ibg at sipag sa malawak na antas sa pamamagitan ng ating paggamit o pag-abuso ng mga talento, mga pagkakataon, biyaya, ito man ay makalupa o espiruwal, na ngayon ay ipnagkaloob sa tin. Z. '04-77

**Oktubre 19**

Tinanggap ninyong walang bayad, ay ibigay ninyong walang bayad. Mateo 10:8.

LAGI tayong handa sa pagbibigay sa lahat ng nagugutom at nauuhaw ng pinagpalang pagkain na nakasisiya at nagpapalakas sa atin. Kung hindi natin sila mabibigyan, sila ay manghihina sa daan habang sila ay naghahanap ng ibang paglalaan. Narito sa atin ang mismong bagay na kailangan ng sambahayan ng pananampalataya kung wala ito hindi nila mapananatili ang kanilang katayuan, hindi sila makakapagpatuloy, tiyak na sila ay manlulumo. Anoman ang mayroon tayo sa pinansiyal na paraan para sa pagpapalaganap ng tinapay ng buhay sa iba, o anomang mayroon tayong kaalaman sa katotohanan, ay hindi dapat natin itago, o dahil sa pagka-maramot kainin na lamang ng sarilinan. Ito ay kailangang ialay sa Panginoon, at mula sa pag-aaly na iyon ang Panginoon ay magddala ng mga pagpapala sa iba at pararamihim ang mga pagpapala sa ating mga ulo at puso. Z. '04-78

**Oktubre 20**

Mangagpakatalino nga kayong gaya ng mga ahas, at mangagpakatimtimang gaya ng mga kalapati. Mateo 10:16.

OH, na ang lahat ng mga mahal na tao ng Panginoon ay matututo ng halaga ng katalinuhan may kaugnayan sa kanilang mga pagsisikap sa pamamahagi ng katotohanan! Ang ating Panginoon ay hindi lamang nagturo sa atin ng maging matalino gaya ng mga ahas at maamo gayan ng mga kalapati; kundi ipinakita niya ang aral na ito sa sarili niyang gawa, sa pagsasabi sa isang okasyon sa kaniyang mga apostoles, "marami akong mga bagay na sasabihin sa inyo, subalit hindi ninyo ito kayang tanggapin sa ngayon". Tayo rin ay kailangang matuto na may mga kaaya-aya at di kaaya-ayang mga panahon para banggitin ang ilang mga paraan sa paghahayag ng mga ito. Hindi sapat na hindi tayo nagsasabi ng mga kasinungalingan; hindi sapat na nagsasabi tayo ng katotohanan; bilang karagdagan dapat nating tiyakin na nagsasabi tayo ng katotohanan na may pag-ibig, at ang pag-ibig na sinanay ay gumagamit ng karunungan upang ito ay makagawa ng maraming kabutihan. Z. '04-91

**Oktubre 21**

Aman namin, nasa langit ka, sambahin nawa ang ngalan mo. Lucas 11:2.

ITO ay nagpapahayag nag pagpupugay, nagpapahalaga sa banal na kabutihan at kadakilaan, at sapat na pag galang. Sa Pagsambit ng ating kahilingan sa Panginoon ang isipin natin ay hindi ang pagiging makasarli tungkol sa ating mga sarili, ni ang kaisipan na may kinalaman sa kapakanan ng ibang mga mahal natin, kundi dapat unahin ang Dios sa lahat ng ating mga isip at mga layunin at pag-tantiya. Wala tayong dapat ipanalangin na hindi tumutugma o naaayon sa karangalan ng ating makalangit na Ama; hindi dapat tayo mangarap para sa ating mga sarili o para sa ating mga mahal sa buhay na hindi niya sasang- ayunan ng buo at hindi tayo inutusan na manalangin ng ganito. Marahil ay walang katangian ng puso na nasa malaking panganib na mabura sa gitna ng mga nag-aangking mga Cristiano kaysa sa kaisipang ito ng pag galang para sa Dios. Z. '04-118

**Oktubre 22**

Maiinuman ba ninyo ang kopa na malapit ko ng inuman? Mateo 20:22.

ANG tapang ng Pannginoon habang naglalakad sa makipot na daan ay pumupuno sa atin ng paghanga. Napakatibay ng kaniyang katangian. Hindi niya naisip na tumalikod; determinado siyang tapusin ang kalooban ng kaniyang ama - sa pagsasakripisyo sa kaniyang sarili para sa kapakanan ng iba. Isang marangal na huwaran ang nakikita ng mga apostoles sa kanilang harapan - dakila sa pagpapakumbaba, tagumpay sa pamamagitan ng paglilingkod.

Mabuti na maliwanag sa ating mga isip na hangga't hindi tayo umiinom sa kaniyang saro at mabautismuhan sa kaniyang kamatayan, hindi tayo maaaring magkaroon ng bahagi sa kaniyang kaharian ng kaluwalhatian. Ituring natin kung ganuon ang lahat ng iba pang mga bagay bilang kalugihan at walang saysay upang makamtan itong kinakailangang karanasan. Habang ito ay dumarating sa atin hindi tayo matakot, ni mag-iisip ng kakaiba sa mga nagliliyab na mga pagsubok na sumusubok sa atin na para bang may kakaibang bagay na nangyari sa atin. Sa kabaligtaran, kahit dito tayo ay tinawag, upang tayo ay maaaring magdusa ngayon sa Panginoon, at pagdating ng panahon tayo ay lululwalhatiing kasama niya. Z. '04-138,139

**Oktubre 23**

At kung sinuman sa inyo ang nagnanais maging una, siya ay dapat maging alipin ninyo. Mateo 20:27.

SA mga Hentil ang mga namumuno ay mga Panginoon, na hindi naglilingkod kundi pinaglilingkuran, subalit sa mga tagasunod ni Jesus, ang patakaran ay baligtad; siya na maglilingkod nang mas higit ay siyang dapat itanghal sa pinaka-mataas. Napakaganda talaga ng banal na kaayusn ng mga bagay. Makakaunawa nang buong-buo ang lahat ng mga tao na may tamang pag-iisip sa mga prinsipyo na inilatag dito. Napaka-makatuwiran ang mga ito at napaka-salungat ito sa espiritu ng sanglibutan. Tunay na ang mga tagasunod ng Panginoon ay kakaibang mga tao kung ibabatay sa kahulugan ng ganitong salita sa kanilang sipag para sa mabubuting mga gawain sa paglilingkod sa bawat isa at sa pag gawa ng mabuti sa lahat ng tao habang sila ay may pagkakataon. Z. '04-140

**Oktubre 24**

Si Jesus ay dinala ng mga kawal. Nasalubong nila sa daan si Simon,...at ipinapasan sa kaniya ang krus habang pinapasunod siya kay Jesus. Lucas 23:26.

LAGI tayong nagtataka, nasaan sila Pedro at Juan at Santiago, bakit hindi nila nakita ang paghihirap ng Maestro at bakit hindi sila lumapit sa kaniya para mag-alok ng tulong? Kung makiling tayo sa pagka-inggit kay Simon sa kaniyang pribilehiyo sa pagtulong sa Maestro sa pagbubuhat ng krus, isip-isipn natin na marami ang mga araw-araw, at pribilehiyo natin ang pagtulong sa kanila, at ang Panginoon ay sumasang-ayon na ituring niya ang anomang serbisyo na ginawa natin sa kaniyang tapat na tagasunod, ay parang ginawa na rin natin sa kaniya. Yamang ang krus na kahoy ay hindi ang pinaka mabigat na pasan ng ating Panginoon, ganuon din, ang kaniyang mga tagasunod ay may mga krus na hindi nakikita ng sanglibutan, subalit dapat maunawaan ng mga "kapatiran". "Mangagdalahan kayo ng mga pasanin ng isa't-isa at tuparin ninyong gayon ang mga kautusan ni Cristo. " Z. '04-155

**Oktubre 25**

Magpakatatag kayo sa inyong paghatol at pagpalain ng Panginoon ang matuwid. 2 Mga Cronica 19:11.

SINOMAN ang may katungkulan na gagampanan ay huwag siyang matakot, at habang nagsisikap na gawin ang mga di-kaaya-ayang gawain sa mabuting paraan, makatarungan at maibigin, huwag matakot sa tao, sa halip matakot kayo sa Panginoon at maging masigasig sa pagpapalugod sa kaniya.

Hayaan ang mundo na makibaka sa kaniyang pakikibaka; ang Panginoon ay mamamahala at ang mga resulta ay magiging maluwalhati sa huli. Tayo na mga kasapi ng bagong bansa sa bagong kaharian na hindi sakop ng mundong ito ay huwag gumamit ng makasanlibutang materyal na armas kundi ang tabak ng Espiritu - makibaka tayo ng mabuting pakikibaka sa pananampalataya, manghawakan sa mga maluwalhating bagay na inilatag sa harap natin at hindi lamang basta nakatayo kundi tulungan ang lahat ng ipinanganak sa parehong Espiritu at mga kasapi ng parehong makalangit na hukbo ng kasundaluhan na tumayong kompleto na konektado sa kaniya na siyang ulo ng katawan, ang Kapitan ng ating kaligtasan. Z. '04-207

**Oktubre 26**

Ipagkatiwala ninyo sa kaniya ang inyong mga alalahanin sa buhay sapagkat siya ay nagmamalasakit sa inyo. 1 Pedro 5:7.

ISA itong malaking kaaliwan at nagpapalakas ng loob na mungkahi mula sa Salita. Gayunpaman, ang mga tao ng Dios ay kailangang matuto nang higit at higit pa ng malinaw, habang tumatakbo ang mga taon na sila ay mga kasapi ng pamilya ng Dios, at nasa pangangalaga ng paaralan ni Cristo, upang hindi sila humiling sa Panginoon na akayin ang kanilang mga pagsisikap ayon sa kanilang karunungan; na hindi sila hihiling na ang kanilang kalooban ay siyang matutupad ito man ay sa lupa o sa langit, kundi sa halip matapos nilang masabi sa Panginoon ang kanilang mga pasanin, malaki man o maliit, dapat nilang maunawaan at ikapit sa kanilang mga sarili ang kaniyang simpatiya at pag-ibig at ikapit ito sa kanilang puso bilang humuhupay na lanigs- ang mga katiyakan ng kaniyang salita na magpapagaan sa puso, na siya ay may kakayahan at handang

gumawa ng lahat ng kanilang mga pinagdaanang karanasan na maging mabunga para sa kanila kung sila ay mananatili sa kaniya na may kumpiyansa at tiwala. Z. '04-237.

**Oktubre 27**

Ang aking mga oras ay nasa iyong mga kamay. Awit 31:15.

ANG lahat ng lingkod ng Panginoon ay gumugugol ng kanilang mga buhay sa pagsasakripisyo nang sila ay naging mga tagasunod ng Kordero at kung patuloy nilang mauunawaan ang kanilang mga pag-aalay, sila ay magiging handa para sa pangwakas na yugto sa anomang oras na gustuhin ng Panginoon at sa anomang paraan o daluyan na ipahintulot ng kaniya kapasyahan. Dapat ay tandaan ng mga nag-alay nang mga lingkod ng Dios na uring Elias, na wala ni isang piraso ng kanilang buhok ang mahuhulog na hindi malalaman ng kanilang ama at walang pahintulot niya, at ang saloobin ng kanilang mga puso ay dapat gaya ng ipinahayag ng mahal nating manunubos - na siyang ulo ng "Elias na katawan" - "Ang sarong sa akin ay ibinigay ng Ama, ay hindi ko baga iinumin?" At ang wika ng kanilang mga puso ay dapat kagaya ng ipinahayag ng isang makata: "Kontento ako kung anoman ang magiging kahihinatnan ko, sapagkat ang Dios ang siyang umaakay sa akin. Z. '04-237

**Oktubre 28**

Ang Espiritu ng Panginoong Dios ay sumasa akin; sapagkat pinahiran niya ako...upang aliwin yaong lahat na nagsisitangis...upang magbigay kagandahan sa kanila para sa abo...ang langis ng kagalakan para sa napipighati. Isaias 16:1, 2.

ANG atas sa atin ay hanapin ang mga maaamo at naghihinagpis, yaong tumatanggap sa kanilang sariling pagkakamali at kahinaan, at naghahanap ng kanlungan at paglaya. Bahagi ng ating atas ang pagturo sa kanila tungo sa Kordero ng Dios na nag-aalis ng kasalanan ng sanglibutan, ang pagturo sa kanila sa kagandahan ng pagka-buhay muli para sa mga abo ng kamatayan at ang mga kaluwalhatian na ipinangako ng Dios unti-unti upang palitan ang espiritu ng kabigatan at pagkasiphayo at kalungkutan at kabalisahan nitong kasalukuyang panahon. Atas sa atin na sabihin sa mga ito na "ang kagalakan ay darating sa umaga", at tulungan silang bumangon at kaagad

magsuot ng kasuotan ng pagpupuri at magsimulang lumakad sa bagong buhay na may "bagong awit sa kanilang mga bibig", alalaong baga, ang maibiging kabaitan ng ating Dios. Z. '04-295

**Oktubre 29**

Sa magkabikabila ay nangagigipit kami, gayon ma'y hindi nangaghihinagpis; nangaguguluhan, gayon ma'y hindi nangawawalan ng pag-asa; Pinag-uusig, gayon ma'y hindi pinababayaan; inilulugmok, gayon ma'y hindi nangalilipol; Laging saan ma'y tinataglay sa katawan ang kamatayan ni Jesus. 2 Corinto 4:8-10.

YAONG mga masayang nagtitiis para sa Panginoon, para sa katotohanan, na dumanas ng pinaka-malaking kahihiyan, pinaka-malaking paglalait, pinaka-malaking mga pagsubok, pinaka-malaking mga pag-uusig sa kasalukuyang buhay na ito, at may mga karanasan na halos pareho sa Maestro, matitiyak natin na sila ay may darating na malaking gantimpala na katumbas sa ipinakita nilang katapatan sa ganuong mga pagsa-sakripisyo gaya ng ipanahayag ng Apostol, "ang bituin ay naiiba kay sa ibang ituin sa kaluwalhatian". Z. '01-55

**Oktubre 30**

Walang taong makapaglilingkod sa dalawang Panginoon. Mateo 6:24.

"HINDI kayo makapaglilingkod sa Dios at sa kayamanan." Ang karanasan at pagmamasid ay parehong sang-ayon dito; at kung ganuon, ilang patakaran ang nakikita natin na ang mga tao ay maaaring malamig o mainit sa espirituwal na mga bagay...kailangan nating "hanapin muna (mas importante) ang kaharian ng Dios". Ito (ang kaharian) ang ating pangunahing alalahanin at ito ang tatanggap mula sa ating lahat ng ating panahon, atensyon, isip, lakas, impluwensiya, at kayamanan na taglay natin - ang mga abgay na kinakailangan natin sa kasalukuyang buhay ay alam nating ang mga ito ay hindi kasama; at ang ating pag-ibig at sipag ay mahahayag na katumbas nito na handa nating isakripisyo sa kapakanan ng mga makalangit na bagay. Z. '01-61.

**Oktubre 31**

Sapagkat ang iyong kagandahang-loob ay mainam kaysa buhay: pupuruhin ka ng aking labi. Awit 63:3.

YAONG mga nakatikim na ng biyaya ng Dios, yaong nakaunawa na sa kaniyang pabor bilang mas mabuti pa kaysa buhay, at yaong masayang naglagay sa kaniyang altar ng lahat ng mabubuting bagay, pati na ang pag-asa at ambisyon, ay nagagalak sa pagbabalita ng mabuting balita sa iba; nagagalak na ipamalita ang kapurihan tunkol sa kagila-gilalas na liwanag. Napakabuti ang balitang ito kaya hindi ito puedeng itago; hindi na kinakailangang bayaran pa sila upang ipamalita nila ito, kundi sila ay handa kahit na ang pagbabalita nito at ang kaaliwang makukuha sa pabor ng Dios ay may kapalit na kaguluhan, at magagastusan sila ng pera, mawawalan sila ng mga kaibigan sa lupa, makapipinsala ito, kundi man makapatid sa tali ng pamilya, masisimangutan sila ng mundo at ng sanglibutan. Z. '01-246.